MotoLyrics

MotoLyrics.com
Biggest, regularly updated and free lyrics database

# Gloc-9
# "Alay Ko"

Visit "Alay Ko" on MotoLyrics.com

Di ko naisip na ako'y magbabalik na may bagong tunog
Na alay ko sayo.
Tanging nais lang ay mapakinggan ang awitin ko
Na alay ko sayo.

[Carlos:]
Ang awitin kong ito nais ko sanang ialay
Sa mga taong sa kin may galit na di ko kaaway
Hindi ko kaaway ibig sabihin di ko kilala
Pero parang sa di nya pag sikat ako ang may sala
Kaya basa tuwing aawit sa kin banat ng banat
Ay dahil sa wala ka namang talgang maisulat
Kaibigan nais ko lang gawin ang aking pangarap
At wala kong kasalanan kung sayo'y di mo mahanap.

[Chorus:]
Di ko naisip na ako'y magbabalik na may bagong tunog
Na alay ko sayo.
Tanging nais lang ay mapakinggan ang awitin ko
Na alay ko sayo.

[Carlos:]
Mula pa nong pag kabata nagsimula ng mangarap
Larawan ng aking idolo ang palagi kong hawak
At tulad mo gabi gabi ako rin nananalangin
Ng katuparan sa aking hiling ay mapasaakin
Subalit , di ko maisip at di maunawaan di maliwanagan
Kung bakit gusto mo kong pigilan kaibigan nais ko lang
gawin ang aking pangarap
At hindi ko kasalanan kung sayo'y di mo mahanap.

[Chorus:]
Di ko naisip na ako'y magbabalik na may bagong tunog
Na alay ko sayo.
Tanging nais lang ay mapakinggan ang awitin ko
Na alay ko sayo.

[Gloc 9:]
Teka ako muna babanat bago ka tuluyan na magsalita
Bunutin mo muna yang plug ng mikropono baka pwede
mo munang ibaba
Sa kin makinig, di ko lang malaman ang yong dahilan

kung saan ba talaga pinagmulan
Mga galit ang iyong nararamdaman medyo malabo
dahil di mo naman ako kilala
Puro na lang sabi ng sabi sinungaling mong labi mga
salita hinahabi simula ng akoy nag hari
Dahil ba sa di mo tlaga ma-sabayan ang mga salita na
Sinulat ayaw mo kapag may iba, inggit ka siguro
aminin muna
Hwag kang manira ng tao dahil alam mo sa ngayon ay
naroon sa taas
O punahin ang putik sa paa ng iba, dahil baka ikaw ang
madulas
Sige tingnan mo , isipin mo kung meron kang naitulong
sa min'
Kung bakit narito kami ngayon, kaya ka lamang namin
nakikita e dahil
Marunong pa rin naman kaming lumingon sa may
pinanggalingan.

[Chorus:]
Di ko naisip na ako'y magbabalik na may bagong tunog
Na alay ko sayo.
Tanging nais lang ay mapakinggan ang awitin ko
Na alay ko sayo.

Visit Gloc-9 page on MotoLyrics.com, to get more lyrics and videos.

MotoLyrics.com | Lyrics, music videos, artist biographies, releases and more.